

Ano ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19)?

Ang Coronavirus Disease 2019, na karaniwang kilala bilang COVID-19 o COVID, ay isang respiratoryong impeksyon na dulot ng coronavirus Severe Acute Respiratory Syndrome Coronavirus 2 (SARS-CoV-2). Ang SARS-CoV-2 at COVID-19 ay unang natukoy sa Wuhan Province sa China noong Disyembre ng 2019. Mula noon, mabilis na kumalat ang virus sa buong mundo, at nagdulot ng pandemya at daan-daang milyong pagkakasakit.

Ang mga coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus na maaaring makahawa at magdulot ng sakit sa mga tao at mga hayop. Sa kasalukuyan ay may pitong kilalang klase ng mga coronavirus na nakakahawa sa mga tao. Apat sa mga ito ay karaniwan at nagdulot ng banayad na respiratoryong impeksyon tulad ng karaniwang sipon. Ang natitirang tatlong klase, na kasama ang SARS-CoV-2, ay nagdulot ng mas malalang respiratoryong impeksyon.

Sino ang nagkakaroon ng COVID-19?

Lubos na nakakahawa ang virus at sinumang nalantad dito ay maaaring magkaroon ng COVID-19 na impeksyon. Ang mga mas matatanda at mga taong may ilang malubhang karamdaman, tulad ng sakit sa puso o бага o diyabetis, ay nasa mas mataas na peligro para sa malalang COVID-19 na pagkakasakit.

Paano kumakalat ang COVID-19?

Kumakalat ang COVID-19 kapag ang taong nahawahan ay nagbubuga ng hininga kasabay ang mga droplet o mga maliliit na particle na naglalaman ng virus. Maaaring mangyari ito habang humihinga, nagsasalita, kumakanta, o nag-eehersisyo. Ang mga droplet at particle na ito ay maaaring malanghap ng ibang tao, o maaari itong dumapo sa kanilang mga mata, ilong, o bibig. Minsan, ang taong nahawahan ay maaaring makakontamina ng mga ibabaw ng bagay na kanilang hinipo at ang iba ay maiimpeksyon sa paghipo ng kanilang mga mata, ilong, o bibig ng mga kontaminadong kamay. Ang mga taong mas malapit sa anim na talampakan mula sa taong nahawahan ay may malaking posibilidad na mahawaan.

Ano ang mga sintomas ng COVID-19 na impeksyon?

Ang pagkakasakit mula sa COVID-19 na impeksyon ay maaaring magmula sa walang mga sintomas o napakabanayad na mga sintomas hanggang sa malalang sakit na maaaring magresulta sa pagkakaospital, intensive care o pagkamatay. Kasama sa mga mas karaniwang sintomas ang:

- Lagnat o pangangatog
- Ubo
- Pangangapos ng hininga
- Pagkapagod
- Masakit na kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Pamamaga ng lalamunan o sore throat
- Pagkabara ng ilong o tumutulong sipon
- Naduruwal o pagsusuka
- Pagdudumi

Bagaman maaaring magkaroon ng mga sintomas ang sinuman, ang mga mas matatanda at mga taong may malubhang karamdaman (hal. sakit sa puso, sakit sa baga, diyabetis, at huminang immune system) ay may mas mataas na peligro na magkaroon ng malalang COVID-19 na pagkakasakit. Kasama sa mga sintomas ng malalang sakit ang:

- Hirap huminga
- Hindi nawawalang pananakit o presyon sa dibdib
- Biglaang pagkalito
- Hindi kayang magising o manatiling gising
- Namumutla, gray, asul na kulay na balat, mga labi, o mga ilalim ng kuko

Gaano kabilis pagkatapos ng pagkalantad lumilitaw ang mga sintomas?

Posibleng lumitaw ang mga sintomas 2-14 na araw pagkatapos malantad sa virus.

Paano nada-diagnose ang mga impeksyon sa COVID-19?

[Dalawang klase ng mga viral test](#) ang ginagamit para ma-diagnose ang kasalukuyang impeksyon sa COVID-19. Isang molecular test (tinatawag ding RT-PCR) ang ginagamit para matukoy ang genetic material na bumubuo sa virus. Ginagamit ang antigen test para makahanap ng mga partikular na protina na nahahanap sa ibabaw ng virus. Ang parehong klase ng test ay nakakatukoy kung mayroon kang aktibong COVID-19 na impeksyon. Ang molecular at antigen na mga test ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng mga sampol mula sa ilong gamit ang mga mahahabang swab. Maaaring pagpasyahan ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung magsasagawa ng mga test para sa virus batay sa mga senyales at sintomas mo, kung nagkaroon ka man ng malapit na pakikisalamuha sa may impeksyong tao, kung mayroon kang kondisyon na naglalagay sa iyo sa mas mataas na peligro para sa malalang pagkakasakit, o kung sasailalim ka sa medikal na procedure. Ang mga test ay maaaring gawin sa laboratoryo, sa lugar ng pag-test, o sa sarili mong bahay.

Anong mga paggamot ang maaari para sa COVID-19?

Sa kasalukuyan, tatlong gamot ang inawtorisahan o inaprubahan ng Estados Unidos. Ang Food and Drug Administration (FDA) para sa paggamot ng COVID-19 Ang mga taong na-diagnose na may banayad hanggang katamtamang COVID-19 at nasa mas mataas na panganib para sa malubhang pagkakasakit ay dapat makipag-ugnay sa kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para malaman kung karapat-dapat sila para sa paggamot. Ang paggamot ay dapat simulan sa loob ng unang ilang araw ng pagkakasakit para maging mabisa.

Ayon sa National Institutes of Health (NIH) COVID-19 Treatment Panel, ang oral antiviral na gamot na nirmatrelvir kasama ng ritonavir ([Paxlovid](#); Pfizer) ay ang [unang opsyon](#) sa paggamot para sa COVID-19. Ang Paxlovid ay kasalukuyang may Awtorisasyon ng FDA sa Emerhensyang Paggamit at maaari para sa mga pasyente na 12 taong gulang pataas, may timbang na 40 kg, at nasa mas mataas na peligro para sa malubhang sakit dahil sa COVID-19. Dapat simulan ang Paxlovid sa loob ng 5 araw mula ng magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19.

Fact Sheet tungkol sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19)

Ayon sa NIH Treatment Panel, ang remdesivir ([Veklury](#); Gilead Sciences) ay ang pangalawang opsyon sa paggamot para sa COVID-19. Ang Veklury ay inaprubahan ng FDA at ang tanging kasalukuyang paggamot na maaaring gamitin sa mga taong wala pang 12 taong gulang. Dapat simulan ang Veklury sa loob ng 7 araw mula magkaroon ng sintomas, at maaaring gamitin sa outpatient o inpatient na setting, at ibinibigay bilang intravenous (IV) infusion nang tatlong magkakasunod na araw. Ang pederal na pamahalaan ay may website para sa [COVID-19 Therapeutics Locator](#) kung saan makakapaghanap ang publiko o mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng mga lugar na makakapagbigay ng IV Veklury.

Ayon sa NIH Treatment Panel, ang molnupiravir ([Lagevrio](#); Merck) ay itinuturing na ikatlong opsyon na gamot para sa paggamot ng COVID-19. Ang Lagevrio ay isang oral antiviral na gamot na kasalukuyang nasa ilalim ng FDA EUA. Ang gamot ay maaari para sa mga pasyenteng 18 taong gulang pataas at dapat simulan sa loob ng 5 araw mula ng magkaroon ng sintomas.

Paano maiiwasan ang COVID-19 na impeksyon?

May [ilang mga estratehiya](#) na dapat sundan para mapabagal ang pagkalat ng COVID-19.

- Manatiling [napapanahon](#) sa iyong mga bakuna laban sa COVID-19 upang magkaroon ng pinakamahasag na proteksyon.
 - Ang mga taong mayroong malubhang karamdaman o naggagamot na nakakahina sa kanilang immune system ay maaaring **hindi** ganap na protektado kahit na updated sila sa kanilang mga bakuna. Dapat nilang kausapin ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga hakbang na gagawin para protektahan ang kanilang mga sarili.
- Dapat lagi kang magsuot ng mask kung mayroon kang COVID-19 (o mga sintomas) at kailangang nasa paligid ng ibang tao o kung may inaalaan kang taong may COVID-19. Maaari mong piliing magsuot ng mask pagkatapos [malantad](#) sa isang taong may COVID-19, at nasa paligid ng ibang tao, lalo na iyong mas malamang na magkaroon [ng malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19](#). Maaari mo ring piliing mag-mask indoors sa publiko kung [mataas ang antas ng mga naoospital dahil sa COVID-19](#), anuman ang iyong katayuan sa pagbabakuna. Ang mga taong nasa mas mataas na peligro para sa malubhang pagkakasakit at mga taong nakatira kasama o nakakasama nang matagal ng isang taong mas mataas ang peligro ay maaaring isaalang-alang ang pagsuot ng mataas na kalidad na mask kung nasa katamtamang antas ang [mga pagkakaospital dahil sa COVID-19](#)
 - Ang ilang tao ay hindi kailanman dapat magsuot ng mask. Kasama rito ang mga batang wala pang 2 taong gulang; ang sinumang bata kapag ang bata ay natutulog; ang mga taong nahihirapang huminga, may kapansanan, o hindi matanggal ang mask nang walang tulong; mga taong may kapansanan na hindi makakapagsuot ng mask, o hindi ligtas na makakapagsuot ng mask, para sa mga dahilan na kaugnay ng kapansanan.
- Iwasan ang mga panloob na lugar na mahina ang daloy ng hangin (bentilasyon) at matataong lugar. Lalong mahalaga ito para sa mga taong nasa mas mataas na peligro para sa malalang pagkakasakit.

Fact Sheet tungkol sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19)

- Magpa-test kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19 o nalantad sa taong may COVID-19.
- Manatili sa bahay kung may sakit ka o nagpositibo sa COVID-19.
- Laging maghugas ng mga kamay mo gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo. Kung walang tubig, gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer na naglalaman ng kahit 60% alcohol.
- Iwasan ang kontak sa mga taong may sakit.
- [Linisin ang mga ibabaw](#) na madalas nahihipo gamit ang mga panlinis sa bahay, tulad ng sabon o detergent.

Paano ko malalaman ang higit pa tungkol sa COVID-19?

- Kung may mga alalahanin ka tungkol sa COVID-19, makipag-ugnay sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal na kagawaran ng kalusugan. Ang direktoryo ng mga lokal na kagawaran ng kalusugan ay matatagpuan sa <https://www.vdh.virginia.gov/local-health-districts/>.
- Pumunta sa website ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html>.

Mayo 2023